ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVIII Blg. 23
Disyembre 7, 2017
www.philippinerevolution.info

## Walong armas, nasamsam ng BHB

WALONG ARMAS ang ibinunga ng matatagumpay na taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nitong nakalipas na ilang linggo. Lima dito ang nasamsam sa Camarines Norte, at tatlo mula sa Cagayan. Hindi rin bababa sa 29 ang tinamong kaswalti ng mga reaksyunaryong tropa sa mga opensibang ito. Samantala, pinalaya na ng BHB-SMR ang isang pulis na bihag-sadigma.

**Camarines Norte.** Inambus ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Camarines Norte (Armando Catapia Command o ACC) ang komboy ng dalawang sasakyan at isang motorsiklo ng PNP-Provincial Public Safety Company noong Disyembre 2, pasado ala-una ng umaga sa Sityo Binuang, Barangay Daguit, Labo. Apat na M16, isang 9mm at mga bala ang nakumpiska mula sa kapulisan. Walang kaswalti sa hanay ng ACC.

Gamit ang *command-detonated* na eksplosibo, pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang komboy ng PNP-PPSC na pabalik na sa kanilang kampo mula sa operasyon. Matapos ang labinlimang minutong putukan, dalawang pulis ang namatay at pitong iba pa ang nasugatman. Ayon kay Ka Carlito Cada, tagapagsalita ng ACC, ang naturang opensiba ay tugon ng hukbong bayan sa prubinsya sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na paigtingin ang mga taktikal na opensiba bilang bahagi ng pagpapabagsak sa pa-

*... sundan sa pahina 3*




EDITORYAL

# Labanan at patalsikin ang tuta at pasistang rehimeng Duterte

Lalong tumindi ang mga hakbang ng naghahangad na diktador na si Rodrigo Duterte para sa kanyang ganap na pasistang diktadura matapos niyang makuha ang suporta ng kanyang imperyalistang among si Donald Trump ng US.

Matapos lubusang ibagsak ang usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng National Democratic Front of the Philippines, tuluyan nang idineklara ni Duterte ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan (BHB) bilang mga "teroristang organisasyon." Ginawa ang deklarasyon sa batayan ng paglilista ng Department of State ng US sa PKP at BHB bilang mga "dayuhang teroristang organisasyon" sa ilalim ng "gera kontra-terorismo," Muling ipinamalas ni Duterte ang kanyang todo-todong pangangayupapa sa kanyang imperyalistang amo lalupa't pabor ito sa kanyang mga pasistang ambisyon.

Sa pamamagitan ng deklarasyong ito, tiyak na makakukuha ang AFP, ang pangunahing pasistang makinarya ni Duterte, ng dagdag na ayuda at gamit-militar mula sa badyet kontra-terorismo ng US. Tulad ng ginawa niya noon sa Marawi nang ideklara niyang "terorista" ang grupong Maute, ibubukas niya ang buong bansa sa papatinding dayuhang interbensyong militar sa ngalan ng "gera kontra-terorismo."

Kapalit nito ang pinaglalawayan niyang mga bagong armas, bomba, eroplano at iba pang gamit-militar na ipang-aatake niya sa lumalabang mamamayan.

Kasabay nito, tiyak na gagamitin din ni Duterte ang naturang proklamasyon para lalupang gipitin ang mga pambansa-demokratikong organisasyon na malisyoso niyang iniuugnay sa armadong kilusan. Sa ilalim ng Proclamation 374, maaari nang ituring na terorista ang sinumang inaakusahang nagbibigay ng pinansyal o materyal na tulong sa BHB at PKP. Maaari na rin itong gamitin ni Duterte laban sa kanyang mga kalaban sa pulitika at maging sa karibal na negosyo ng kanyang mga kroni. Maaari na niyang karakarakang akusahang nakikipagtulungan ang sinumang negosyante para kikilan ang mga ito.

Wala pa man ang deklarasyon, itinayo na niya ang Inter-Agency Committee for Legal Action (IACLA) bilang makinarya para sa "crackdown" sa ligal na kilusan. Mula nang itinayo ito, lalupang dumami ang mga kaso ng iligal na pang-aaresto at panggigipit sa kilalang mga aktibista, inaakusahang tagasuporta ng BHB at mga kamag-anak ng mga pinaghihinalaang Pulang mandirigma sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Paulit-ulit ring binasbasan ni Duterte ang mga krimen at paglabag sa karapatang-tao ng kanyang mga alagad sa militar, paramilitar at pulis laban sa nakikibakang mamamayan.

Mula nang maupo sa pwesto hanggang Disyembre 5, umabot na sa 124 ang pampulitikang pamamaslang sa ilalim ng teroristang rehimeng US-Duterte. Bukod pa ito sa 13,000 ekstrahudisyal na pamamaslang sa tabing ng kanyang "gera kontra droga" at higit 3,000 sibilyang Moro na iniulat na nawawala at posibleng namatay sa kanyang gera sa Marawi. Sa loob rin ng panahong ito, 1,172 ang mga magsasaka, tagapagtanggol sa karapatang-tao, manggagawa at iba pa, ang iligal na inaresto ng mga pulis at militar. Laganap ang kanyang paggamit ng mga *airstrike* at kanyon sa mga sibilyang komunidad.

TANDA NG lumalalang krisis ng buong sistemang malakolonyal at malapyudal ang papatinding pasismo ni Duterte. Sa nakikitang pagkakahiwalay ng kanyang paghahari at sa patuloy na pagpapahirap sa mamamayan ng kanyang mga neoliberal na patakaran sa ekonomya, malaki ang takot ni Duterte na patatalsikin siya ng pag-aalsang bayan.

Tumindi naman ang pagkakahati sa hanay ng mga reaksyunaryo bunga ng kroniyismo ni Duterte, pagpabor sa maliit na grupo sa loob ng reaksyunaryong gubyerno, pagkopo niya at kanyang pamilya sa malaking parte ng kurakot at mapaghiganteng paraan ng pagpapatahimik sa mga kalaban sa pulitika. Itinataguyod niya ang militarismo bilang solusyon sa mga itinuturing niyang problema ng bayan at maging sa pagharap sa kanyang mga kalaban sa pulitika.

Malaki ang takot ni Duterte sa paglakas ng rebolusyonaryong kilusan kapwa sa kanayunan at kalunsuran at sa namumuong galit ng mamamayang Moro sa ginawa niyang pagwasak sa Marawi at patuloy niyang pagkakait ng kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili. Kumakapit siya nang husto sa among imperyalistang US, at sunud-sunurang nagpapahulma sa kung saan man siya gustong gamitin nito para sa militaristang mga disenyo sa Asia-Pacific.

Para gapiin ang mamamayan, kinumbina ng rehimen ang pinakamasasahol na aspeto ng naunang mga kampanyang panunupil ng nagdaang rehimen. Kabilang dito ang taktikang militar at operasyong kombat na pawang tumatarget sa mga sibilyang komunidad. Dagdag dito ang paggamit ng mga modernong kagamitan tulad ng mga *drone,* pang-atakeng helikopter, eroplanong pambomba at kanyon.

Tulad sa nakaraan, kakumbina ang mga operasyong militar sa kanayunan sa tahasang pag-atake sa hayag na demokratikong kilusan sa kalunsuran at mga sentrong bayan ng lunsod.


ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 23 | Dsyembre 7, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.official

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/philrevwebcentral

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal**: Labanan at patalsikin ang tuta at pasistang rehimeng Duterte. 1

Walong armas, nasamsam ng BHB 1

Duterte, numero unong terorista 4

*Peace talks,* tinapos ni Duterte 5

Pagpapalawig ng batas militar 6

Mga *drone* laban sa mamamayan 7

Kabataang martir ng rebolusyon 8

8 Lumad, pinaslang 9

Mga rali sa Araw ni Bonifacio 9

Bungkalan sa Nueva Ecija 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Ang lahat ng ito ay epektibong mahaharap ng mga rebolusyonaryong pwersa sa pamamagitan ng ibayong determinasyon, inisyatiba, paghahanda at pag-angkop ng pagkilos.

Dapat maglunsad ng masinsin, malaganap at masiglang pagpapaliwanag sa mamamayan upang tuluy-tuloy silang pagkaisahin at itaas ang kanilang kamulatan at determinasyon para lumaban. Ilunsad ang malakihang mga mobilisasyong masa, ipalaganap ang mga panawagan sa pamamagitan ng radyo at *social media*. Ilantad at bakahin ang bawat kaso ng panggigipit at panunupil. Palakasin at palawakin ang mga organisasyong masa hanggang sa mga sentrong bayan, kapitolyo, at pangunahing sentrong urban.

Para sa mga aktibista at progresibong ginigipit ng rehimen, bukas ang mga larangang gerilya para sa kanila. Kasabay nito, dapat paunlarin pa ang lihim na pagkilos sa papalalim at papalawak na kilusang lihim sa kalunsuran.

Sa harap ng lahat ng ito, dapat lalong panghawakan ng Bagong Hukbong Bayan ang inisyatiba sa paglulunsad ng paparami at papalaking mga taktikal na opensiba. Bigwasan ang mga nag-ooperasyong yunit ng "peace and development" at iba pang mahihinang bahagi ng kaaway. Kabisahin ang kapasidad ng modernong mga kagamitang militar, para epektibong iwasan, patamaan, o isabotahe ang mga ito. Kumprehensibong pagplanuhan ang pagpapalawak sa mga larangang tinambakan ng mga tropa ng AFP.

Ang superyoridad ng rebolusyonaryong pulitika at pagkakaisa ng mamamayan para itaas ang kanilang paglaban ang pinakamatalas na sibat laban sa pasistang rehimeng US-Duterte. Dapat mahigpit itong hawakan at walang lubay, paulit-ulit na patamain sa pinakamakitid na target para mabilis itong pahinain at pabagsakin. AB


*"Walong armas...," mula pahina 1*

sistang rehimeng US-Duterte, at pagsingil sa mahabang listahan ng abusong militar at ekstrahudisyal na pamamaslang nito.

**Misamis Oriental.** Sinalakay ng mga pwersa ng BHB-North Central Mindanao sa ilalim ng Eastern Misamis Oriental North Eastern Bukidnon Subregional Command (EMONEB-SRC) ang istasyon ng PNP sa bayan ng Binuangan noong Disyembre 3, bandang alas-3 ng umaga. Apat na pulis ang nasugatan.

Ayon kay Ka Malem Mabini, tagapagsalita ng BHB-NCMR, ang aksyong militar na ito ay paggawad ng hustisya dahil sa papel ng PNP-Binuangan sa kontra-insurhensya. Noong 2012, isang Pulang mandirigmang wala nang kakayahang lumaban ang pinatay ng mga pwersa ng naturang pulisya.

**Cagayan.** Napatay ng BHB-Cagayan (Henry Abraham Command o HAC) si Angelo "Buridek" Luis, ahenteng paniktik ng Military Intelligence Group, nang manlaban siya habang inaaresto noong Disyembre 2, alas-7 ng umaga sa Barangay Awallan, Baggao. Nakuha mula sa kanya ang isang kalibre .45 pistola, isang .9mm pistola, at isang BSL *shotgun*. Nasamsam din ng HAC ang mahahalagang datos paniktik mula sa MIG. Si Luis, isang dating sundalo at kasalukuyang konsehal ng Baggao, ay responsable sa pagkamatay ng apat na Pulang mandirigma noong 2011.




**Iloilo**. Inambus ng BHB-Central Panay (Jose Percival Estocada Jr. Command) ang 6th PNP-RPSB sa Barangay Bolo, Maasin noong Nobyembre 24 bandang alas-6 ng gabi. Isang pulis ang patay habang 12 ang sugatan.

**Antique.** Bago ang ambus sa Iloilo, una nang inambus ng isang yunit ng BHB-Southern Panay (Napoleon Tumagtang Command o NTC) ang isang sasakyan ng pulis bandang alas-9 ng umaga sa Barangay Pis-anan, Sibalom. Tatlong pulis ang sugatan sa naturang aksyon. Bago nito, hinaras ng isa pang yunit ng NTC ang detatsment ng Philippine Army at CAFGU sa Barangay Bulalacao sa parehong bayan, bandang alas-dos ng umaga.

**Nueva Ecija.** Sugatan ang dalawang upisyal ng PNP-PPSC sa operasyong isnayp ng BHB-Nueva Ecija noong Nobyembre 22 sa Barangay Piut, Carranglan. Magreresponde sana ang mga pulis at mga sundalo ng 84th IB sa isinagawang aksyong pamamarusa ng BHB-Nueva Ecija laban sa isang masugid na elemento ng paniktik ng kaaway sa Barangay Putlan.

**North Cotabato.** Matapos ang halos apat na buwang pagkakabihag, pinalaya ng BHB-Mt. Apo Subregional Command si PO1 Bristol B. Catalan Jr. noong Disyembre 4 sa Barangay Bagumbayan, Magpet, North Cotabato. Ipinasa siya kina Rev. Hipolito Parach ng Exodus for Justice and Peace at iba pang tagapamagitan. Sinalubong din si Catalan ng kanyang asawa at dalawang anak.

Ayon kay Ka Rubi Del Mundo ng NDF-Southern Mindanao Region, sa panahon ng mga imbestigasyon at kanyang pagkakabihag, nagpakita ng pagsisisi at boluntaryong paghinto si Catalan sa mga krimen laban sa mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa. AB

# Duterte, numero unong terorista

Mula nang tinapos ni Rodrigo Duterte ng GRP ang usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng National Democratic Front of the Philippines noong Nobyembre 23, lalupang tumindi at lumawak ang mga atake ng rehimen sa mga aktibista at progresibo, at sa mga sibilyang komunidad sa kanayunan. Sa loob lamang ng sampung araw, pitong kilalang mga kasapi ng progresibong grupo at sibilyan ang pinaslang, 14 ang iligal na inaresto, habang mahigit 2,000 ang sapilitang lumikas sa kanilang komunidad dahil sa militarisasyon at banta ng pambobomba.

**Pagpaslang.** Halos magkasabay na pinaslang sina Fr. Tito Paez at Pastor Noveliyo Quiñones noong Disyembre 4 sa istilong-Palparan ng mga elemento ng AFP.

Pinatay si Fr. Paez ng dalawang motorsiklong lalaki na pumara sa kanyang sinasakyang kotse sa Barangay Lambakin, Jaen, Nueva Ecija. Isa siya sa mga nagbuo ng Bayan-Central Luzon at kabilang sa mga nanguna sa paglaban sa konstruksyon ng Bataan Nuclear Power Plant.

Si Pastor Noveliyo Quiñones ay pinaslang sa Barangay Don Pedro, Mansalay, Oriental Mindoro habang naglulunsad ng operasyon ang PNP laban sa isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Bago nito, pinaputukan at napatay habang pauwi mula sa isang *fact-finding mission* noong Nobyembre 28 sa Bayawan, Negros Oriental sina Elisa Badayos, kasapi ng Karapatan-Negros at si Eleuterio Moises, kasapi ng Mantapi Ebwan Farmers Association. Tinamaan rin ng bala si CJ Matarlo ng Kabataan Partylist-Cebu. Bago ang insidente, hinarang ng mga sundalo ang grupo nina Badayos sa Barangay San Ramon kung saan sila mag-iimbestiga sa militarisasyon ng AFP sa lugar.

Noong Nobyembre 29, pinaslang ng 66th IB si Rodrigo Timoteo, kasapi ng Compostela Farmers Association, sa Purok 20 Nursery, Barangay Mambusao, Compostela, Compostela Valley. Samantala, binaril ng 16th IB si Apolonio Maranan, kasapi ng Anakpawis Partylist sa Barangay Mandug, Buhangin District, Davao City, habang bumibili ng pagkain malapit sa kanilang bahay noong Nobyembre 25.

Bago nito, pinaslang si Vivencio Sahay, tagapangulo ng Unyon sa Mag-uuma sa Agusan del Norte (UMAN) sa Barangay Calamba, Cabadbaran noong Nobyembre 23.

**Pagdukot at iligal na pang-aaresto.** Inaresto ang tagapangulo ng PISTON na si George San Mateo noong Disyembre 5 habang nagpipiyansa sa gawa-gawang kasong isinampa ng LTFRB. Ilang oras siyang idinetine sa istasyon ng pulis sa Quezon City bago pansamantalang nakalaya.

Noong Nobyembre 24, dinukot ng mga sundalo ng 20th IB at hanggang ngayon ay hindi pa inililitaw ang tatlong magsasakang sina Richard Avino, Terry Gabon at Arnel Aquino. Ang tatlo ay kasapi ng Northern Samar Small Farmers Association. Noong Nobyembre 26, hinaras at sinuntok ni LTC George Domingo, kumander ng CMO Battalion, si Sargie Macallan ng Katungod-Northern Samar sa detatsment ng militar sa Opong, Catubig habang nag-aayos ng dayalogo kaugnay sa pagdukot at pagkawala nila.

Dinukot din ng mga elemento ng 66th IB si Jean Baguio Bustamante, 17, kasapi ng Compostela Farmers Association-Youth sa Barangay Mambusao, Compostela, Compostela Valley at dinala sa kanilang kampo sa Purok 20, Barangay Mambusao, Compostela noong Disyembre 5.

Samantala, iligal na inaresto ng mga sundalo noong Disyembre 4 ang apat na kabataan sa Ud-Udiao, Sallapadan, Abra dahil diumano sa paglabag nila sa *curfew*. Ipinataw ng 24th IB sa kanilang komunidad ang naturang *curfew* matapos ang labanan sa pagitan ng BHB at AFP sa Sityo Nagas-asan, Sallapadan noong Nobyembre 28.

Noong Nobyembre 29, dalawang kabataan ang inaresto at binugbog ng mga pulis sa Barangay Mabini, San Jose, Occidental Mindoro habang ipinagtatanggol ang kanilang tahanan laban sa marahas na demolisyon.

Iligal na inaresto ang lider-Mangyan na si Jerry Santiago noong Nobyembre 23 at sinampahan ng gawa-gawang kaso ng pagpatay sa Bulalacao, Oriental Mindoro. Ito ay sa kabila ng salaysay ng mga saksi na nasa isang pulong siya habang umano'y nagaganap ang krimen.

Noong Disyembre 4, dinukot ng mga sundalo ng 4th IB si Nonoy Casidsid, isang Mangyan na Hanunuo, sa Sityo Taiktikan, Barangay Purnaga, Magsaysay, Occidental Mindoro

Dalawang magsasaka naman ang tinortyur sa Sityo Cambayang, Barangay Cambunang, Bulalaco Oriental Mindoro. Ayon sa mga magsasaka, nabanggit pa ng mga sundalo na "ayos lang na mambugbog, dahil *martial law* naman."

Sa sumunod na araw, Disyembre 5, iligal na inaresto ng mga pulis si Bernardo Lowaton sa kanyang bahay sa Sityo Kawayan, Barangay. Camflora, San Andres, Quezon. Si Lowaton ay tenante sa asyenda Uy na naggigiit na ipamahagi na ang lupa sa mga magsasaka.

**Panggigipit.** Noong Nobyembre 29, walang habas na pinagbabaril ng mga hinihinalang elemento ng 29th IB ang bahay ni Imelda Gagap, lider ng Unyon sa Mag-uuma sa Agusan del Norte (UMAN), sa Barangay Mariging, Jabonga, Agusan del Norte.

Sa Davao City, hinaras ng mga ahente ng militar ang tagapangulo

ng League of Filipino Students-Northern Mindanao Region na si Kristine Cabardo noong Nobyembre 21. Pinuntahan siya sa kanyang tahanan sa Barangay Saray, Iligan City, tinakot ang kanilang ama na humarap sa mga ahente at pinaratangan si Kristine at kanyang kapatid na tagasuporta ng BHB.

Noong Nobyembre 23, hinalughog ng mga elemento ng 71st IB at 46th IB ang bahay ng lider-magsasakang si Renante Mantos, tagapangulo ng Hugpong sa Mag-uuma sa Walog Compostela (HUMAWAC). Si Mantos ay aktibo sa pagsuporta sa laban ng mga manggagawang bukid ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Inc. (MARBAI) laban sa pagsasamantala ng pamilyang Lorenzo na nagmamay-ari ng Lapanday sa Tagum, Davao del Norte.

**Bakwit.** Nagbakwit ang 345 pamilya o 1688 na indibidwal mula sa 15 na komunidad sa Barangay Diatagon, Lianga at Barangay Buhisan, San Agustin, Surigao del Sur dahil sa operasyong militar. Dalawang araw na tuluy-tuloy at paikot-ikot ang mga *drone* at tropa ng 75th IB sa mga komunidad at eskwelahan ng mga Lumad. Ang mga komunidad na ito ay nasa Andap Valley Complex na ibinebenta ng estado para sa pagmimina ng karbon.

Mula noon hanggang Disyembre 1, tatlong beses nang hinarang ng mga sundalo ng 75th IB ang mga nagdadala ng pagkain at iba pang *relief goods* sa nagbakwit. Hanggang sa kasalukuyan ay hindi pa nakakapasok ang mga tulong para sa mga nagbakwit kahit na kasama ang tauhan ng *social welfare office* ng lokal na pamahalaan.

Noong Disyembre 4, mahigit 139 indibidwal ang lumikas mula sa mga komunidad ng San Pedro, Binicalan at Mahagsay, bayan ng San Luis, Agusan del Sur dahil sa operasyon ng mga sundalo ng 26th IB. Kasalukuyan silang nakatigil sa harap ng munisipyo ng San Luis.

Sa Sarangani, umaabot sa 210 pamilya ang lumikas mula sa mga barangay ng Lilab, Basyawan, Balataan, Banlas. Nabol at Makol, sa bayan ng Alabel at Malapatan, mula Disyembre 1. Ito ay dulot ng walang lubay na pag-atake ng mga elemento ng 73rd IB sa kanilang mga komunidad. AB




# *Peace talks,* unilateral na tinapos ni Duterte

Mahigpit na binatikos ng Partido Komunista ng Pilipinas ang arbitraryong pagtatapos ng rehimeng US-Duterte sa usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noong Nobyembre. Basta na lamang isinantabi ni Rodrigo Duterte ang ilang buwang negosasyon ng magkabilang panel na nagresulta na sa ilang komun na borador.

Kabilang sa mga ito ang 1) *general amnesty* at pagpapalaya sa lahat ng mga bilanggong pulitikal; 2) koordinadong pagpapahayag sa kautusan ng "stand down" para sa *unilateral* na mga tigil-putukan at 3) paunang balangkas sa repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon sa ilalim ng CASER.

Walang tigil ang pagsasalita ni Duterte laban sa *peace talks* at sa rebolusyonaryong kilusan, kahit sa mga panahong nakikipag-usap ang kanyang panel. Hindi niya iginalang ang napagkasunduang hindi muna isasapubliko ang mga pagpupulong at basta na lamang pinauwi ang kanyang mga negosyador na nasa Norway para ituloy na sana ang naunsyaming panglimang *round* na nakatakdang ilunsad noong Nobyembre 25-27. Noong Nobyembre 23, inilabas niya ang Proclamation 360 na pormal na nagtapos sa pakikipagnegosasyon ng kanyang rehimen sa NDFP.

Kasama sa winakasan ni Duterte ang nagpapatuloy na mga pagsisikap para magbuo ng kasunduan sa mga reporma sa pulitika at konstitusyon. Ayon kay Jose Maria Sison, *senior consultant* ng NDFP *negotiating panel,* ayaw ni Duterte na masiyasat sa negosasyon ang mga tipo ng mga



pagbabago na nais niyang gawin sa konstitusyong 1987. Sa halip, walang tigil ang kanyang pagmamaniobra para ilusot ang kanyang tipo ng pederalismo na magbibigay daan sa kanyang pagsosolo sa kapangyarihan at magpapalawig ng kanyang termino. Nais niyang tularan ang dating diktador na si Marcos na bumaklas ng konstitusyong 1935 para ipataw ang pasistang diktadura sa bayan.

Ayon pa kay Sison, pinapangarap ni Duterte na ipatupad ang pederalismong labis-labis na magsesentro ng kapangyarihan sa kanya, isang diktador na mangingibabaw sa mga rehiyunal na sentro. Ang pederalismong ito ay magpapalakas ng mga rehiyunal na gubyerno, na pinagpupugaran ngayon ng mga dinastiya at *warlord.*

Wawaldasin ng pambansang estado ang rekurso na dapat nakalaan sa sentralisadong pagpaplano sa pagtatayo at pagpapalobo ng mga rehiyunal na pamahalaan. Kasabay nito ang pagpapalaki ng mga mapaniil na instrumento ng estado, katulad ng pulis at militar. Magpapalubha ito ng korapsyon at karahasan sa lahat ng antas. Sa pamamagitan ng mga rehiyunal na mga pamahalaan, maaari nang pabilisin ang pagluluwag ng mga restriksyon sa dayuhang pamumuhunan, katulad sa mapangwasak na industriya ng pagmimina at komersyal na plantasyon.

Sa ngayon, ginagamit ni Duterte ang panawagang pederalismo para udyukan ang paghihiwalay ng ilang rehiyon sa Mindanao. Ito ay para paamuin ang nag-aaklas na mga armadong grupong Moro at papaniwalain silang maipapasa at maipatutupad ang Bangsamoro Basic Law na naggagawad ng limitadong awtonomiya sa mga rehiyon at prubinsyang Moro. AB

# Pagpapalawig ng batas militar sa tabing na rehabilitasyon

Sa tabing ng rehabilitasyon at pagtiyak ng agarang rekonstruksyon ng Marawi City, iginigiit ng AFP at ni Duterte na palawigin pa ang *martial law* sa Mindanao na nakatakdang magtapos sa Disyembre 31. Ito ay matapos pulbusin ng AFP ang kalakhan ng syudad para ipwesto ang sarili at mga pinapaborang burgesya kumprador ng kanyang rehimen. Ihahapag ang rekomendasyon sa kongreso bago ang Disyembre 15.


Upang bigyan ng dagdag na katwiran ang muling pagpapalawig, itinatambol ng AFP ang diumano'y patuloy na rekrutment ng ISIS sa bahagi ng Lanao del Sur at bantang pambobomba sa Iligan City. Nitong Disyembre, ipinalabas pa ng AFP na tuluy-tuloy ang pagsabog ng mga itinanim na bomba ng grupong Maute sa syudad. Napatunayan itong malaking kasinungalingan ng mga grupong Moro na nagsiyasat sa iniulat na mga insidente.

Umani ng batikos mula sa mga grupong Moro ang bantang pagpapalawig ng batas militar ng AFP at rehimeng Duterte. Ayon kay Drieza Abato Lininding ng Moro Consensus Group (MCG), dapat nang wakasan ang batas militar at pauwiin na ang mga residente sa kanilang mga tahanan.

Ayon sa grupo, nagmimistulang pook panturista ang Marawi sa dami ng mga kilalang personalidad at pulitiko na animo'y "namamasyal" sa lugar. Makikita sa midya ang mga artista na nag-iikot sa Marawi habang binibisita ang mga tropa ng AFP samantalang marami sa mga residente ang pinagbabawalang makabalik sa kanilang mga tahanan.


Batid ng mga Moro na ang pagpapataw ng batas militar sa Mindanao ay salamin ng pagkukunwari at diskriminasyon ng rehimen sa mga Maranao. Ang pagpokus sa Marawi ay paraan lamang ni Duterte para palayasin sila sa kanilang mga lupain at igawad ito sa AFP, US at malalaking negosyo.

Inamin mismo ni Duterte na walang balak ang kanyang rehimen na pabalikin pa ang mga residente. Sa kanyang talumpati sa Libingan ng Bayani noong Nobyembre 21, ipinahayag niyang mauunang itayo ang kampo-militar bago magsimula ang rehabilitasyon sa Marawi para tiyakin diumano na hindi na maulit ang gera sa syudad.



Sa loob ng halos pitong buwan mula ipataw ng rehimeng US-Duterte ang batas militar, gumastos na ng sobra sa P6 bilyon ang gubyerno, mahigit 1,200 indibidwal ang di pa natatagpuan, umaabot pa sa 400,000 ang hindi nakababalik sa kanilang mga tahanan at mahigit 300 na ang naitalang kaso ng pang-aabuso mula sa tropa ng AFP.

Sa harap ng mga hinaing ng mga residente laban sa mga sundalo, paulit-ulit pang ipinagtatanggol ni Duterte ang mga ito. Kabilang sa mga inirereklamo ng mga residente ang lantarang pagnanakaw ng militar sa naiwang mga ari-arian tulad ng mga alahas, pera at mga gamit sa bahay.



**Matinding pang-aapi**

Noong Nobyembre 18, pinangunahan ng Kalinaw Mindanao ang ikatlong National Interfaith Humanitarian Mission sa Marawi. Sa dalawang araw na pag-iimbestiga ng grupo, nakapagtala ng hindi bababa sa dagdag pang 56 sa mahigit 300 kaso ng pang-aabuso, pagnanakaw at paglabag nga mga tropa ng AFP sa karapatang-tao.

Ayon sa NIHM, napakaraming katanungan hinggil sa pang-aabuso at paglabag sa karapatang-tao sa Marawi ang hindi nasasagot. Matapos ang diumano'y pagpapalaya sa Marawi, kailangan madokumento at maibahagi sa mamamayan ang tunay na nangyayari.

Dagdag pa ng grupo, sa huli ang talo rito ay ang mamamayan na nawalan ng ari-arian, mahal sa buhay at kabuhayan. Malaking bahagi sa kanila ang hindi na muling makakauwi sa kanilang mga tahanan sa Marawi.

Batay sa mga ulat, 6,000 katao pa lang sa may mahigit 400,000 lumikas ang nakakabalik ng Marawi. Habang marami ang pinagbabawalan na bumalik sa pinangyarihan ng labanan, sapilitang ipinatutupad ng AFP ang *ID system*, hinahanapan ng titulo sa lupa at pinalalayas ang mga residente gamit ang hinukay na 1953 Presidential Decree na nagdedeklarang *military reservation* ang Marawi.

Kasabay nito, papalala ang kundisyon ng daan-daang pamilya na nananatili sa mga *evacuation center*. Mula nang sumiklab ang labanan, P1,000 na tulong pinansyal pa lamang ang naibibigay ng estado. Samantala, 2,000 pamilya lamang ang mabibigyan ng pabahay ng Task Force Bangon Marawi para sa kasalukuyang taon.

Nababahala rin ang International Coalition for Human Rights in the Philippines sa inisyal na programang rekonstruksyon ng administrasyong Duterte na pumapabor sa dayuhan at lokal na mamumuhunan na may bitbit na pautang.

Anila, ang pangunguna ng World Bank at Asian Development Bank sa rekonstruksyon ng syudad ay tiyak na magsisilbi lamang sa interes na pagkakitaan ang malawakang pagkawasak at gera sa Marawi. Nakapailalim ang rekonstruksyon sa maka-dayuhang programang "build, build, build" ng rehimen.

Dagdag dito ang pag-engganyo ni Duterte at ng tagapangulo ng Task Force Bangon Marawi na si Eduardo del Rosario sa malalaking lokal at dayuhang *developers* na magpasa ng *unsolicited proposals* nito para sa rekonstruksyon ng Marawi. Batbat ng korapsyon at anomalya ang ganitong pakana ng rehimen.

## Mga *drone,* ginamit laban sa mamamayan

MARIING BINATIKOS ng Bagong Hukbong Bayan-North Central Mindanao Region (BHB-NCMR) ang pagpapalipad ng mga *drone* at *spy plane* ng tropa ng AFP sa mga komunidad ng Cagayan de Oro, Iligan at kanlurang bahagi ng Misamis Oriental at Lanao del Sur noong Nobyembre 18-19. Ayon sa BHB-NCMR, ang mga *drone* na ito ay pareho sa tipo ng mga *spy plane* na ginamit ng AFP sa pagbomba sa Marawi City. Nagdulot ito ng ligalig sa mamamayan ng lugar lalo pa at inilulunsad ang pagpapalipad ng *drone* mula hatinggabi hanggang kinaumagahan.

Sa pahayag ni Ka Malem Mabini, tagapagsalita ng BHB-NCMR, ang pagpapalipad ng mga *drone* ay banta ng pambobomba para takutin sila at palayasin ang mamamayang Moro at Lumad sa kanilang mga komunidad. Isinasagawa ito para bigyan-daan ang pagtatayo ng plantasyon at minahan sa kanilang mga lupang ansestral.

Gamit ang dahas at pagbabanta, mabilis na nakakapasok ang proyekto at agribisnes ng malalaking imbestor sa Autonomous Region for Muslim Mindanao sa Cagayan at Iligan. Sa ARMM pa lamang, aabot sa 103,000 ektarya ng lupa ang planong gawing plantasyon ng *oil palm* at saging. May plano ring palawakin ang saklaw ng mga operasyong mina sa Cagayan de Oro, kapwa ng mga luma at bagong pasok na dayuhan at lokal na mamumuhunan.

Para pabilisin ang mga ito, walang tigil ang pandarahas ng AFP sa mamamayang Moro kahit pa tinapos na nito ang gera sa Marawi. Patuloy na pinapakalat ng tropa ng militar ang *black scare* at kasinungalingan na nagrerekrut ang grupong Maute at ISIS sa mga unibersidad ng Marawi, Iligan at Cagayan de Oro.

# Pulang saludo sa kabataang martir ng rebolusyon!

*"Kapag pinili natin ang buhay kung saan lubos tayong makapaglilingkod sa sangkatauhan, walang bigat ang makagugupo sa atin, dahil ang mga ito'y sakripisyo para sa ikabubuti ng lahat; sa gayon, hindi tayo naghahanap ng maliliit, limitado at pansariling kaligayahan, sa halip ang kaligayahan natin ay nananahan sa milyun-milyon, ang ating mga gawa ay iiral nang tahimik ngunit habambuhay na gumagampan, at sa ibabaw ng ating mga abo papatak ang nag-aalab na luha ng mga pinakadakila." -Karl Marx*

Pinakamataas na parangal at pagpupugay ang iginagawad ng Partido Komunista ng Pilipinas sa magigiting na 15 Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan-Batangas (Eduardo Dagli Command) na napaslang sa ambus ng Philippine Air Force noong Nobyembre 28 ng gabi sa bayan ng Nasugbu. Pinagpugayan din sila ng Kabataang Makabayan, laluna ang mga kasapi nitong nasawi, kasabay ng pagpupugay sa mga kabataang namartir sa nakaraang dalawang taon.

Kabilang sa 15 nasawi sina Glen Mark Aytona, Carl Espinosa Labajata, Julieto Pellazar Jr., Karla Bahasa, Henry delos Reyes, Joshua Hernandez, Evelyn Pagara Manalo, Roberto Dolendon, Alfred Cadag, Josephine Lapira, Anthony Felix at Graciella Pocaldo.

Pinagpugayan din ng National Democratic Front-Southern Tagalog (NDF-ST) ang kanilang paglilingkod at pagtatanggol sa mamamayan ng Batangas na ngayo'y sinasalanta ng matinding militarisasyon at pang-aabuso ng AFP. Ayon sa NDF-ST, pinatindi ng mga yunit ng AFP sa prubinsya ang mga operasyong militar nito sa mga nakaraang buwan.

Kabilang dito ang walang patumanggang istraping at pambobomba sa mga sibilyang komunidad. Laganap ang iligal na pagtugis at pang-aaresto sa mga aktibista at pinaghihinalaang sumusuporta sa BHB. Hinigpitan ang kilos ng mamamayan sa pamamagitan ng tsekpoynt sa kahabaan ng pangunahing mga haywey. Ang lahat ng ito ay bahagi ng desperadong pakana ng rehimen para durugin ang rebolusyonaryong kilusan at pigilan ang lumalakas na paglaban ng mamamayan sa Batangas.

Samantala, nagbigay ng pulang saludo ang Kabataang Makabayan, sa okasyon ng ika-53 na anibersaryo nito, para sa mga kabataang martir na lumahok sa digmang bayan at nag-alay ng kanilang buhay sa sambayanang Pilipino.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, hindi bababa sa 21 ng kabataan ang nag-alay ng buhay sa paglilingkod sa bayan. Kabilang dito sina Miguel Himor ng BHB-Sorsogon, Jeramie Garcia at Paul Aringo mula sa BHB-Quezon, Alvin Soria, Carlo Laguito, John Paul Calica, Emmanuel Canlas, Vic Nagawang at Guiller Cadano ng BHB-Central Luzon.

Hindi malilimutan ng mamamayan at buong bayan ang inialay na panahon, lakas, talino, talento, at buhay ng mga kabataang martir. AB




### 8 Lumad na nagtatanggol sa lupa, pinatay

WALONG LUMAD na nagtatanggol ng kanilang lupang ansestral laban sa pang-aagaw ng kumpanyang DMCI ang pinatay ng 27th IB at 33rd IB noong Disyembre 3 sa Sityo Datal Bonglangon, Barangay Ned, Lake Sebu, South Cotabato.

Ang mga biktima ay pawang kasapi ng T'boli-Manobo S'daf Claimants Organization. Kamakailan lamang ay ibinasura ng gubyerno ang kanilang demanda at kinatigan ang DMCI sa pagkamkam ng kanilang lupain sa ngalan ng Integrated Forestry Management Agreement (IFMA).

Ayon sa NDF-Far South Mindanao Region, pinuntahan ng mga sundalo ang komunidad ng mga Lumad at walang habas na pinaputukan ang bahay ni Datu Victor Danyan Sr. Nagdepensa ang mga residente gamit ang kanilang mga *shotgun* at iba pang katutubong sandata.

Namatay sa pagtatanggol sina Datu Victor Danyan Sr., Victor Danyan Jr., Artemio Danyan, Pato Celardo, To Diamante, Bobot Lagase at Mateng Bantal. Maraming iba pa ang sugatan kabilang ang isang menor de edad. Tatlong sundalo ang napatay habang tatlo ang nasugatan.

Nagpadala ang BHB-Mt. Daguma Operations Command ng isang yunit upang sumaklolo sa mga residente. Nakalaban nila ang isang kolum ng kaaway may isang kilometro ang layo sa komunidad.

Dagdag pa ng NDF-FSMR, nang hapon ding iyon ay 15 ulit na kinanyon ng AFP ang lugar. Daan-daang pamilyang T'boli at Dulangan Manobo ang sapilitang lumikas.

Ang DMCI ay pagmamay-ari ng pamilyang Consunji, isa sa malapit na kroni ni Duterte at ng mga Marcos. Ang malawakang pagtotroso ng DMCI ang umagaw sa malalawak na lupaing ninuno ng mga Lumad at kumalbo sa mga kagubatan ng South Cotabato, Cotabato, Sultan Kudarat at Sarangani. AB

# Mga rali laban sa tumitinding pasismo, inilunsad sa Araw ni Bonifacio

Mga koordinadong rali sa buong bansa ang inilunsad ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa okasyon ng ika-154 na kaarawan ni Andres Bonifacio noong Nobyembre 30. Dala ng mga raliyista ang panawagang "Biguin ang pagpataw ng diktadura! Labanan ang pasistang rehimeng US-Duterte!," Kinundena nila ang mga pasistang atake ng rehimen sa mga karapatan at kabuhayan ng mamamayan.

Binatikos din nila ang huwad na "rebolusyonaryong gubyerno" ni Duterte, na tinangkang palaganapin ng kanyang mga tagasuporta. Ang maniobrang ito ay kabilang sa mga hakbang ni Duterte para solohin ang kapangyarihan at magpataw ng isang diktadura.

Tinuligsa rin ng mga progresibong pwersa ang kara-karakang pagtatapos ng rehimen sa usapang pangkapayapaan, ang pahayag nitong ideklarang terorista ang Bagong Hukbong Bayan at malisyosong pag-uugnay sa kanila at buong demokratikong kilusan sa armadong kilusan.

Bago nito, naglunsad ng mga pakikibaka ang mga mga unyon at asosasyon ng mga manggagawa. Samantala, naglunsad din ng mga pagkilos ang iba't ibang sektor sa nakaraang dalawang linggo.

**Araw ni Bonifacio.** Sa Metro Manila, 8,000 manggagawa at iba pang demokratikong pwersa ang nagmartsa mula sa Liwasang Bonifacio tungong Mendiola laban sa rehimeng Duterte. Tinangkang buwagin ng mga pulis ang kanilang hanay pero nanindigan ang mga raliyista. Sa huli, sinunog nila ang malaking *effigy* na naglalarawan kay Duterte bilang isang mabangis na tuta ng imperyalismong US.

Sa Bicol, nagmartsa sa Legazpi City ang 1,000 myembro ng Bayan at Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Sa Southern Tagalog, hindi bababa sa 2,000 ang nagmartsa sa sentro ng Calamba City sa Laguna at nagprograma sa lansangan. Sa Baguio City, nagtungo ang mga myembro ng Tongtongan Ti Umili sa Magsaysay Avenue para sa kanilang programa.

Sa Davao City, mahigit 2,000 ang nagmartsa patungo sa Freedom Park kung saan sinunog nila ang "Duterminator," isang malaking *effigy* na naglalarawan ng pasismo ni Duterte.

Sa Cebu City, daan-daang kasapi ng BAYAN-Cebu ang nagpiket sa Camp Sergio Osmeña, hedkwarters ng pulis sa rehiyon, para kundenahin ang pagpaslang sa kasapi ng Karapatan-Central Visayas at kanyang kasamang barangay tanod sa Negros.

**Protesta ng mga drayber**. Isang koordinadong protesta naman ang inilunsad ng mga drayber ng dyip para labanan ang pribatisasyon sa transportasyon noong Disyembre 4.

Sa Bicol, inilunsad ng Condor-Piston ang tigil-pasada na nagresulta ng pagkaparalisa ng byahe sa buong Albay, Sorsogon, Masbate at Camarines Sur habang isang karaban ang inilunsad sa Catanduanes at Camarines Norte.

Sa Cebu, nagpiket ang mga myembro ng Piston habang nakikipagdayalogo sa mga upisyal ng lokal na LTFRB ang kanilang mga lider. Sumuporta sa kanila ang mga myembro ng Kadamay-Cebu.

Sa Metro Manila, tinangka ng LTFRB na harangin ang grupo ng PISTON na nagmamartsa tungo sa Mendiola. Nilahukan ng mga estudyante ng University of Sto. Tomas at iba pa ang rali.

Nakatakdang makipagdayalogo ang pambansang pamunuan ng PISTON sa senado sa Disyembre 11 para iparating ang kanilang pagtutol sa Jeepney Modernization Plan.

**Mga kilos-manggagawa.** Noong Nobyembre 28, naglunsad ng pagkilos sa Mendiola ang mga kawani ng Department of Social Welfare and Development ng sentrong upisina nito at rehiyunal na upisina sa Metro Manila, gayundin ang mga kawani sa National Food Authority noong Nobyembre 28. Ipinanawagan nila ang pagbasura sa Joint Circular No. 1 na nagpapalaganap ng kontraktwalisasyon sa mga ahensya ng gubyerno at iginiit ang dagdag na sahod ng mga kawani ng pamahalaan.

Sa araw na ito, naglunsad ng piket ang mga kasapi ng unyon sa VECO sa harap ng upisina ng rehiyunal na DOLE sa Cebu City. Iginiit nila ang paggalang ng maneydsment sa kanilang napagkasun-



duang *collective bargaining agreement*.

Samantala, nagpiket ang mga manggagawa ng San Miguel-Yamamura para ipanawagan na gawin nang regular ang mga manggagawang halos dalawang dekada nang nagtatrabaho sa pabrika nito sa Imus, Cavite. Kinundena nila ang sabwatan ng DOLE-Cavite at kapitalista ng Yamamura sa pagpapanatiling kontraktwal sa mga manggagawa.

Nagpiket naman ang Kilos na Manggagawa sa tapat ng National Press Club noong Nobyembre 26 para ipanawagan ang dagdag na sahod.

Noong Nobyembre 25, naglunsad ng piket ang mga malamanggagawa sa konstruksyon sa pangunguna ng ADLO sa harap ng isang *condominium* na pinagtatrabahuhan nila sa Sta. Mesa, Manila City. Ipinanawagan nila ang pagbabasura ng patakarang kontraktwalisasyon at iginiit ang pagreregularisa sa kanila.

**Paggunita sa masaker sa Maguindanao.** Naglunsad ng mga protesta ang mga grupo ng mamamahayag sa iba't ibang bahagi ng bansa bilang panggunita sa Ampatuan Masaker at tuluy-tuloy na panggigipit sa mga myembro ng midya noong Nobyembre 23. Pinangunahan ng National Union of Journalist of the Philippines ang misa sa Ampatuan, Maguindanao upang gunitain ang ika-walong taon ng masaker.

Samantala, isang *torch parade* ang isinagawa sa Bacolod City at nagtirik ng kandila ang mga kabataang mamamahayag sa Tandag City sa Surigao del Sur at Davao City.

**Iba pang protesta.** Mahigit 1,000 kasapi ng Kadamay ang nagrali sa harap ng National Housing Authority sa Quezon City noong Nobyembre 22 para ipanawagang ipamahagi sa maralita ang mga pabahay na nakatiwangwang. Sa halip na harapin, binomba at binuwag ng mga gwardya ng ahensya ang mga maralita, at inaresto pa ang isa sa kanila. Hindi natinag ang mga raliyista at itinayo ang kanilang kampuhan sa harap ng upisina.

Kasabay nito, nagprotesta rin ang mga myembro ng Panaghugpong-Kadamay sa Cebu para ipaglaban ang katiyakan sa paninirahan. Kasama nila ang mga residente ng Sityo Tangke, Alaska Mambling na nakaambang idemolis para bigyang daan ang komersyal na gusali sa kanilang lugar.

Samantala, nagtungo sa Department of Justice ang mga estudyanteng Lumad sa ilalim ng Save Our Schools Network noong Nobyembre 24. Kinundena nila ang patuloy na pandarahas ng estado sa kanilang hanay, kabilang ang pinakahuling kaso ng militarisasyon at pagpapalayas sa Lianga at iba pang bahagi ng Mindanao.


## Bungkalan sa Nueva Ecija, ginipit

NAGLUNSAD NG *fact-finding mission* ang Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luson–Nueva Ecija (AMGL-NE) sa Sityo Saranay, Baloc, Sto. Domingo noong Disyembre 22 para imbestigahan ang panggigipit sa mga magsasaka matapos nilang bawiin ang 17 ektaryang lupa na kinamkam ng pamilyang Sanggalang. Sa pangunguna ng Damayan ng Mamamayan Laban sa Kaapihan at Kahirapan (DAMMA-KA)–Baloc, sinimulan na ng mga magsasaka ang pagbubungkal sa kanilang lupa noong Nobyembre 15.

Iniulat ng AMGL ang mga kaso ng panggigipit para palayasin ang mga nagbubungkalang magsasaka sa lupa.

Noong Nobyembre 30, dalawang magsasaka ang ginising ng mga elemento ng Provincial Public Safety Company at tinutukan ng baril at kinapkapan. Hinalughog ang kubong tinitigilan nila nang walang ipinakitang *search warrant*. Tinangay ng mga pulis ang bandera ng AMGL na nakalagay sa labas ng kubo. Bago nito, tinanggal ng mga armadong tauhan ng pamilyang Sanggalang ang mga plakard at istrimer na ikinabit ng grupo sa tabi ng daan noong Nobyembre 17. Sa araw na iyon, pwersahang kinuha ng pamilyang Sanggalang ang makina sa patubig ng mga magsasaka at dinala sa istasyon ng pulis.

Ang 17-ektaryang lupaing kasalukuyang binubungkal ng mga magsasaka ay ipinagkaloob na sa kanila noon pang 2007. Inagaw ito ng pamilyang Sanggalang at pinaupahan. Dahil hindi naman direktang sinasaka ng mga Sanggalang ang lupa, itinakda ng Municipal Agrarian Reform Office ng nasabing bayan na maaari nang pusisyunan ng mga magsasaka ang naturang lupain upang sakahin at sa huli'y iginawad sa kanila ang titulo.



Ayon kay Nida Aquino, tagapagsalita ng DAMMA-KA, handa sila sa anumang magiging hakbang ng pamilyang Sanggalang kung sakali silang itaboy, sa tagal na panahon na kanilang paghihirap at kagutuman, ito na umano ang panahon upang muling ipaglaban ang mga lupang ipinagkait sa kanila sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos at pagkakaisa ng kanilang lugar ay tiyak umanong mapapagtatagumpayan nila ang laban.